# THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 18 | Mar. 13, 2023 - Mar. 19, 2023



WHAT'S INSIDE?

3 JAPAN DISASTER RELIEF TEAM, DUMATING SA LALAWIGAN


# IMPORVISED OIL SPILL BOOM, GINAWA UPANG MAKONTROL ANG PAGKALAT NG LANGIS





KAPWA PUSPUSAN ang ginagawang paghahanda ngayon ng Calapan City at bayan ng Baco kontra oil spill sa paggawa ng mga improvised spill boom upang agapan ang bantang panganib sakaling makaabot ang oil spill sa baybaying dagat ng mga coastal barangay dito.

Sa Calapan City, bagama't nagkaroon na ng manipis pa lang na trace ng oil spill sa baybaying dagat ng Barangay Navotas ng naturang lungsod, puspusan na ang sama-samang ginagawang paghahanda ng City Government of Calapan sa pangunguna ni City Mayor Marilou Morillo at City Administrator Atty. Raymond Ussam kasama ang komunidad at kawani ng mga konsernadong ahensya sa pamamagitan ng sariling paggawa ng spill boom gamit ang mga dayami at empty bottles na ipinalalaman sa net sacks at sinisimulan nang ilagay sa kahabaan ng baybaying dagat ng limang natukoy na coastal barangay na posibleng unang maapektuhan sakaling magtuloy na magkaroon ng pagpadpad ng oil spill dala ng alon sa dalampasigan nito. Ang mga natukoy na limang barangay sa lungsod ng Calapan na pinaghahandaan ngayong lagyan ng spill boom ay ang mga barangay ng Navotas, Maidlang, Silonay, Ibaba at Wawa.

Sa Baco na ang baybaying dagat ay karugtong na dalampasigan ng Calapan City, bagama't hindi pa apektado ng oil spill ay maagap na ring naghahanda ng katulad na improvised spill boom ang mga komunidad sa pangunguna at regular na pagmo-monitor ni Baco Mayor Allan Roldan katulong ang mga bantay-dagat at mismong komunidad ng mga coastal barangay kabilang ang San Andres, Pambisan, Pulang Tubig, Putican Cabulo, at Water. (PIO Calapan)

## ORIENTATION, ISINAGAWA PARA SA MGA BENEPISYARYO NG TUPAD PROGRAM





MULING NAGSAGAWA ng oryentasyon ang DOLE para sa mga benepisyaryo ng TUPAD Program sa Calapan City na ginanap sa Bulwagang Panlalawigan noong Marso 15.

Umabot sa 1,517 ang makikinabang sa programa mula sa iba't ibang barangay sa Lungsod ng Calapan.

Ayon kay Senior Labor and Employment Officer Ramezes Torres ng DOLE Provincial Office, makatatanggap ang mga benepisyaryo ng tig-P3,550 para sa sampung araw nilang community service sa kani-kanilang mga barangay na magsisimula sa Marso 16 taong kasalukuyan.

*"Buo ang suporta ng pamunuan ng Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ni Governor Humerlito "Bonz" Dolor sa TUPAD sapagkat malaki ang naibibigay nitong tulong sa ating mga kababayan"*, ang mensahe ni Vice-Governor Ejay Falcon.

Dumalo rin at nagpahayag ng suporta sina Board Member Alely Casubuan at Board Member Fay Ilano.

Ang TUPAD o Tulong Panghanapbuhay sa ating Disadvantaged/Displaced Workers ay programa ng DOLE na ipinatutupad sa Oriental Mindoro sa pakikipagtulungan sa Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial Public Employment Service Office (PPESO) na pinamumunuan ni PPES Officer Antonio Magnaye, Jr. (PIO Calapan)

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS


MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN


REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM








TINGNAN: Halos mistulang hindi mahulugang karayom sa dami ng dumayo sa loob ng compound ng Kapitolyo noong Marso 19 para personal na saksihan ang 'Gabi ng Kabataang Mindoreño' na ginanap sa Provincial Capitol Complex, Calapan City. (PIO Calapan)








For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# JAPAN DISASTER RELIEF TEAM, DUMATING SA LALAWIGAN



TAOS-PUSONG PASASALAMAT ang ipinaabot ni Governor Humerlito *"Bonz"* A. Dolor kay Japan Minister for Economic Affairs Nihei Daisuke at sa mga kasama nito mula sa Japan Disaster Relief Team na nasa lalawigan upang magkaloob ng tulong kaugnay ng nangyaring oil spill sa lalawigan.

Dumating ang naturang grupo noong Marso 13 upang magbigay ng kanilang kaalamang teknikal hinggil sa pagsasagawa ng coastal clean-up at magbahagi ng kasanayan at kaalaman sa ganitong insidente. Ipinaliwanag din nila ang maayos na disposal ng mga naiipong oil spill waste sa baybaying-dagat upang maiwasan ang muling pagkalat nito kapag nagkakaroo ng high tide.

Pinuri rin ng grupo ang ipinatutupad ni Gob. Bonz na sama-samang pagkilos ng iba't ibang ahensya ng pamahalaan upang masolusyunan ang naganap na sakuna.

Pasasalamat din ang ipinahayag ng Gobernador sa mga kinatawan naman mula sa Office of Civil Defense (OCD) sa kanilang pag-alalay sa Oriental Mindoro sa harap ng isa na namang matinding pagsubok na nararanasan lalawigan.

Regular din ang pag-uupdate ng naturang ahensya kay Gob. Bonz ng ginagawang nilang pagtulong at pagtugon ayon sa kanilang mandato. (PIO Calapan)



# MGA LOKAL NA BANDA, NAKILAHOK SA 'GABI NG KABATAAN PARA SA TURISMO'





NAKIKIISA ang Oriental Mindoro Music Republic na binubuo ng iba't-ibang local bands ng lalawigan sa 'Gabi ng Kabataan para sa Turismo'.

Handog ito ng Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ni Governor Humerlito *"Bonz"* Dolor sa lahat ng CALAPEÑOS, Oriental Mindoreños, lalo na sa mga kabataan. Isa pa rin ito sa tampok na gawain sa kanyang ika-30 taon ng pagiging lingkod-bayan at bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng ika-25 taon ng pagkakatatag ng Lungsod ng Calapan.

Samantala, kasamang dumalo upang magtanghal live ang bandang The Juans sa Provincial Capitol Complex Camilmil Calapan City. (PIO Calapan)

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 18 Mar. 13, 2023 - Mar. 19, 2023

Sparkle Beauty Salon
LOVE IS IN THE HAIR
O33B LEUTERIO STREET, SAN VICENTE CENTRAL, CALAPAN CITY, ORIENTAL MINDORO
0995 866 4429

# *Pistang Kristyano ng Bongabong Ministerial Association, Ginunita*



SA IKAAPAT NA PAGKAKATAON taun-taon muling ipinagdiwang ang Pistang Kristyano ng Bongabong Ministerial Association (BMA) na tumuon sa temang Expanding God's Territory na ginanap sa Bongabong Town Plaza noong gabi ng Marso 16.

Ang BMA ay binubuo ng iba't- ibang evangelical churches ng naturang bayan kung saan nagtatampok ng mga mensahe ng kabutihan ng Dios at presentasyong nagpapalakas ng kanilang esperitwal na aspeto. Tanging itinataas ng naturang grupo nang manampalataya at dinadakila ang pangalan ni JESUS at ang konsepto ng pagkakaisa ng mga Kristyano at bahagi na rin ng pagpapakilala sa lahat ng mamamayan na mahalagang mamuhay na kasama si Kristo.

Bumuhos man ang malakas na ulan, hindi ito handlang at kapwa nakiisa at nagbigay ng kanilang mahalagang mensahe sina Governor Bonz Dolor at Vice-Governor Ejay Falcon. Kapwa binigyang halaga ng dalawang pinakamataas na lider ng lalawigan ang kabutihan ng Dios sa lahat ng kanyang nilikha at sa lahat ng mananampalatayang Kristyano.

Ilang mahahalagang puntos na halaw mula sa banal na kasulatan ang binigyang diin ng Ama ng Lalawigan; na ang pananampalataya aniya'y mula sa DIOS na nagbibigay ng buhay at ang DIOS sa kanyang pagpapala ay hindi Siya nakakalimot, gayundin ang pagbibigay diin niya sa mga biyaya ng Lumikha at ang marapat nating pagpapasalamat.

*"Ang teritoryong ito ay kakanyahan at kabuuan natin bilang tao at bilang mananampalataya ito ay pangako ng Dios..."*

Matindi ang nagagawa ng panalangin lalo na sa panahon ng mga pagsubok. Maraming suporta man ang nanggagaling aniya sa pamahalaan pero ang suporta ng nasa itaas ang ating panghawakan pagbibigay diin naman ni V.G Ejay.

Matatandaan namang taun-taon, itinataguyod ni Gov. Bonz bilang pangunahing sponsor ang malaking pagtitipong ito.

Pormal namang pinasimulan ang Pista ng Kristyano sa isang parade at sinundan ng ibat-ibang presentasyon ng mga kabataan. Sa ngalan ng kanilang kasalukuyang pangulo at bumubuo ng BMA, taos pusong pasasalamat kay Gov. Bonz at sa Pamahalaang Bayan ng Bongabong na pinamumunuan ni Mayor Elgin Malaluan ang ipinaabot ni Pastor Edgar Fodulla na kasalukuyang adviser ng naturang grupo.

Tinatayang humigit kumulang sa 2,000 mga indibidwal mula sa ibat- ibang simbahan ang dumalo sa naturang pagtitipon. (PIO Calapan)





